



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXIX Blg. 22
Nobyembre 21, 2008
www.philippinerevolution.net

Editoryal


Sikretong mga operasyon ng US sa iba't ibang bansa

Walang pakundangang niyuyurakan ng imperyalismong US ang soberanya ng iba't ibang bansa sa pagsusulong nito ng pandaigdigang teroristang gera. Hindi na ito maitanggi ng US matalos mabunyag nitong Nobyembre ang isang dokumento na tahasang nag-uutos sa mga tropa ng US Special Forces na maglunsad ng mga sikretong atake sa pinalalabas nilang lambat ng teroristang al-Qaeda saan mang bahagi ng mundo.

Noong 2004, inilabas ng noo'y Defense Secretary Donald Rumsfeld ng US ang "Al Qaeda Network Exord" (*execute order*) na nag-uutos ng paglunsad ng mga sikretong pag-atake sa umano'y mga kuta ng al-Qaeda, kahit pa walang pahintulot ang mga ito gubyerno ng naturang mga bansa. Sa kapisahan ng isang maliit na grupo ng matataas na upisyal, kagyatang naipapakat ang mga sundalong Amerikano sa ibang bansa upang maglunsad ng pambobomba at iba pang operasyon laban sa kanilang mga target.

Ang *memorandum* ay bahagi ng isang bungkos ng mga kautusan ng rehimeng Bush para patindihin at palaganapin ang teroristang gera nito sa iba't ibang bahagi ng mundo. Naunang naglabas na si Bush ng kautusan para sa tinatawag nilang "*rendition*"—ang lihim na pagdokot, pagdedetine, paglilipat-lipat, pag-iimbestiga at pagtortyur ng mga suspectsadong "terorista" sa mga sikretong bilangguan sa iba't ibang bansa. Noon pang 2002 ay sikretong iniutos din ni Bush ang pagmamanman sa mga usapan sa telepono, *email* at iba pang elektronikong komunikasyon ng mamamayan at mga dayo sa US nang walang mandamyento o anumang pagpapaalam sa korte. Ang mga kautusang ito ay labag sa internasyunal na batas at maging sa mga batas ng US.

Pinag-iibayo pa ng US ang iba't ibang paraan ng pang-eespiya sa iba't ibang bansa. Lihim na ginagamit ang mga pang-espiyang *drone* at iba pang abanteng teknolohiya para



Mga tampok sa isyung ito...

Mga *drone* ng US,
lihim na pinapalipad
sa Pilipinas PAHINA 3

Upisyal ng AFP
nabihag, M60
nasamsam PAHINA 8

Pamunuan ng Senado,
naagaw ng kampong
Arroyo PAHINA 11

sa elektronikong surbeylans. Gu-magamit din ito ng mga espiya at baybarang ahente para manmanan ang mga pusingon at galaw ng mga pwersang itinuturing na kalaban ng US.

Sinasabi ng *memorandum* ni Rumsfeld na may 15-20 bansang "pugad ng mga terorista". Bukod sa mga ito, pinahihintulutan ng memorandum ang pang-aatake sa anumang bansa, kabilang ang mga papet na estado ng US tulad ng Pilipinas, sa ngalan ng pagtugis sa mga terorista, tulad umano ng Abu Sayyaf. (*Tingnan ang kaugnay na*

mga artikulo) Ngunit ang pangtagalan at tunay na pangunahing target ng pang-aatake ng US sa Pilipinas ay ang Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at iba pang rebolusyonaryo at anti-imperialistang pwersa.

Dapat paghandaan ng buong rebolusyonaryong kilusan, ng hayag na patriyotiko at demokratikong kilusan at ng mamamayang Pilipino ang lumalawak at lumalim na panghihimasok-militar ng US sa Pilipinas at magpursigi sa paglalantad at pagbigo sa lahat ng anyo nito. Ang patakaran ito ay

inaasahang ipagpapatuloy ng ba-gong gubyernong Obama.

Dapat ding maring kundena-hin ang papet at traydor na rehi-meng Arroyo sa walang pakun-dangan nitong pakikipagtulungan sa amo nitong imperialista, kahit pa lapastanganin ng US ang soberanya at territoryal na integridad ng bansa. Tanging ang pinagbigkis na lakas at pursigidong pagkilos ng lahat ng anti-imperialista at demokratikong pwersa sa bansa ang makapipigil sa patuloy na pagtindi ng panghihimasok-mili-tar ng US sa Pilipinas. AB

Panalakay ng US

Tuluy-tuloy ang paglulunsad ng militar ng US ng mga pananalakay sa iba't ibang bahagi ng mundo. Mula sa Iraq, Afghanistan, Pakistan at Syria sa Middle East, naglulunsad rin ang US ng mga reyd sa Somalia, Kenya, Ethiopia at iba pang bansa ng Africa. Upang bigyang-kat-wiran ang mga pananalakay na ito, ang iba't ibang mga grupong arma-do, laluna yaong mga tutol sa impreyalismong US ay pilit iniuugnay sa grupong al-Qaeda. Sa ganitong pag-uugnay, nagbabanta rin ang US na pasukin ang Yemen, Algeria at Indonesia.

Nitong Nobyembre 7, umabot *drone* ang isang bahay sa hangga-nan ng North at South Warizistan, na tinukoy ng US na base ng mga

sikretong bombahin ng isang US

lokal na gerilyang tumututol sa pananalakay at okupasyon ng US sa Iraq. Pinakahuli lamang ito sa dumadalas na paggamit ng US ng mga *drone* at pambomboma sa Pakistan. Nitong Oktubre lamang, daan-daan nang mga residente roon ang napatay at nasugatan dahil sa mga bomba mula sa mga *drone* ng US.

Oktubre 26, 2008. Nireyd ng apat na helikopter ng US ang Deir Ezzor, isang komunidad na malapit sa hangganan ng Syria sa Iraq. Walang pahintulot ito ng Syria. Walo ang napatay at marami pa ang nasugatan sa naturang reyd. Ayon sa Foreign Ministry ng Syria, mga sibilyang manggagawa ang pinaputukan ng mga helikopter ng US. Bumaba pa sa kanilang mga helikopter ang mga sundalong Amerikano at sinalakay ang isang gusali sa lugar, ayon sa mga naka-saksi. Pinalalabas ng US na ang naturang komunidad ay kinatalagan ng isang planta ng plutonium (isang sangkap ng mga armas nukleyar) na umano'y katatayo lamang ng Syria roon sa tulong ng North Korea.

Hindi ito ang unang pagkakata-on nanalakay ang mga tropa ng US sa mga komunidad ng Syria. Mu-la nang sakupin nito ang Iraq, ma-



Taon XXXIX Blg. 22 Nobyembre 21, 2008

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong *i-download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikau-unlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: angbayan@yahoo.com

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Nilalaman

Editorial

Sikretong mga operasyon ng US sa iba't ibang bansa

1

Panalakay ng US

Mga *drone* ng US, lihim na pinalilipad sa Pilipinas

2

3

Bigo ang OBL2 sa Southern Mindanao

4

Paghahanda sa Balikatan, binibigo sa Sorsogon

5

6

Matatagumpay na opensiba ng BHB

Upisyal ng AFP binihag, M60 nasamsam

7

8

Panalanta ng pasistang estado

Pambomboma, pamamaslang at iligal na pang-aaresto

9

Pamunuan ng Senado, naagaw ng kampo ni Arroyo

10

11


kailang beses nang pinasok ng mga eroplanong pandigma ng US ang Syria para tugisin ang mga elemento umano ng al-Qaeda at mga gerilyang Sunni na nagtatago raw sa mga hangganan nito.

Hunyo 2008. Nagplano ang US na magpadala ng isang tim ng Navy Seals at Army Rangers sa Pakistan para patayin o dakpin si Ayman al-Zawahri, pinaniniwalaang pumapangalawa kay Osama bin Laden sa organisasyon ng al-Qaeda. Pinlano ng US ang naturang panalakay dahil sa bali-balitang may dadaluhang pulong si al-Zawahri roon.

Noong 2006, sinalakay ng isang tim ng US Navy Seals ang bahay umano ng isang inaakusahan ng US na terorista sa rehiyon ng Bajaur sa Pakistan. Direktang nasubaybayan ng matataas na upisyal ng Central Intelligence Agency ang naturang reyd mula sa kanilang hedkwarters sa Virginia sa US, sa pamamagitan ng mga kamera na nakakabit sa Predator drone.

Enero 7, 2007. Gamit ang Somalia bilang base, nagpaulan ng mga *missile* ang mga eroplanong US sa isang liblib na komunidad sa Kenya. Sa loob ng ilang oras, lumapag ang mga tropang US sa naturang komunidad para suriin ang nawasak na mga bayay. Ang target ay pinalalabas ng US na may kaugayan sa al-Qaeda.

Katapusang 2006. Tahimik na nagpadala ang Joint Operations Command ng US Army ng mga operatiba at mga AC-130 *gunship* sa Ethiopia matapos marahas na pasukin at sakupin ng mga tropang Ethiopian ang Somalia. Mula sa Ethiopia, ilang beses na pinasok ng mga tropa ng US ang Somalia para tugisin at patayin ang powersang nakabase roon na inaakusahan nilang responsable sa pambomba sa mga embahada ng US sa Kenya at Tanzania noong 1998. AB



Mga pang-espiyang drone ng US, pinalilipad sa Pilipinas

Dalawang *drone* ng US ang bumagsak o pinabagsak sa Maguindanao at North Cotabato nitong nakaraang ilang linggo, patunay na aktibo at tuwirang naniniktik ang militar ng US bilang suporta sa kontra-rebolusyonaryong digma ng papet na rehimeng.

Nitong Oktubre 31, isang Predator *drone* ang bumagsak sa Talayan, Maguindanao matapos paputukan ng mga pwersa ng Moro Islamic Liberation Front (MILF). Katulad ng ibang *drone*, ang Predator ay isang instrumento na ginagamit ng US Army sa kanilang mga lihim na operasyon pangkombat at paniktik.

Isa ring pang-espiyang *drone* ng US ang bumagsak sa isang komunidad sa Pikit, North Cotabato matapos itong sumabit sa mga puno ng niyog noong Oktubre 17. Mabilis na kinordon ng lokal na pulis ang erya at tinipon ang mga sumabog na pyesa nito. Pilit itong itinago ng mga upisyal ng US at rehimeng pero ibinalita pa rin ng lokal na midya matapos ang isang linggo.

Paulit-ulit na itinatanggi ng mga upisyal ng rehimeng at US ang

panghihimasok ng US at lantaran presensya ng mga sundalong Amerikano sa mga operasyon laban sa MILF. Ito ay kahit napakarami nang saksi at ebidensya, kabilang ang naisapublikong litaro ng isang puting eroplanong pang-espiya ng US noong unang mga araw ng opensiba ng AFP laban sa MILF. Katunayan, kinumpirma sa isang upisyal na ulat ng US Armed Forces sa US Congress na ang mga *drone* sa Pilipinas ay ginagamit para magbigay ng "suportang paniktik at komunikasyon" sa mga pwersa ng AFP na nag-ooperasyon sa bansa.

Noong Pebrero 10, bumagsak ang isang *drone* sa Indanan, Sulu. Napulot ito ng mga residente at iniharap sa masmidya. Isa ring *drone* ang sumabog sa Mt. Tumatangis sa Sulu noong Nobyembre 2007.

Nauna nang nasaksihan ng mga residente roon na ginamit ang naturing *drone* habang isinasagawa ng AFP ang mga operasyong pagtugis sa bandidong grupong Abu Sayyaf.

Noon namang Pebrero 2006, ₱50,000 ang ibinayad ng militar ng US sa isang magsasakang nakatuklas sa isang *drone* ng US sa binagsakan nitong niyugan sa Indanan, Sulu. Noong pang Marso 2002, isa nang Predator ang bumagsak sa karagatan ng Zamboanga City.

Ang mga pang-espiyang *drone* na ito ay malaon nang pinalilipad ng US hindi lamang sa lugar ng mga Moro sa Mindanao. Maraming pagkakataon nang nakakikita ng mga lumilipad na *drone* sa mga lugar na kinikilusan ng BHB sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas, laluna sa mga panahong may isinasagawang Balikatan *military exercises* sa malapit.

Madalas na nakaistasyon sa base ng Philippine Air Force sa isla ng Mactan, Cebu ang mga P-3 Orion *drone* ng US na pinalilipad sa iba't ibang bahagi ng bansa.

AB

Mga tropa ng US sa Southern Mindanao

Ang malawakang kontra-rebolusyonaryong operasyon ng mga tropa ng 10th ID sa buong Southern Mindanao ngayong 2008 na pinatindi mula noong unang linggo ng Abril ay isinasagawa nang may direktang partisipasyon ang militar ng US. Noong unang linggo ng Mayo, mismong mga residente ng Barangay Ngan, Compostela, Compostela Valley ang nag-ulat sa Bangong Hukbong Bayan (BHB) ng presensya ng apat na tropang Amerikanong nakahimpil sa *tactical command post* ng mga Scout Ranger at 1003rd Brigade-AFP sa Sityo Spar Dos. Gamit ang mga *satellite dish, laptop computer, scanner* at isang *unmanned aerial vehicle (UAV)* o *drone*, nagbibigay sila ng *technical intelligence* para

magabayan ang maniobra sa kombat ng mga tropa ng AFP laban sa BHB.

Patunay ang gayong insidente na direktang sangkot ang militar ng US sa pagdidirihe di na lamang ng mga operasyon laban sa mga rebolusyonaryong Moro at mga bandidong Abu Sayyaf, kundi sa kontra-rebolusyonaryong kampanyang militar laban sa BHB. Malaking kasinungalingan ang palusot ng US at ng rehimeng Arroyo na mga misyong pangkawanggawa ang tinututukan ng mga tropang Amerikanong permanente nang nakabase sa bansa. Kasinungalingan din ang palagiang katwiran ng US na mga grupong kabilang umano sa lambat ng al-Qaeda ang tinutugis ng kanilang mga tropa.

AB

Bigo ang OBL2 sa Southern Mindanao

Tuluy-tuloy na binibigo ng rebolusyonaryong kilusan sa Southern Mindanao Region (SMR) ang Oplan Bantay Laya 2 (OBL2). Simula Enero 2008 hanggang sa kasalukuyan, hinahambulos ng mga taktikal na opensiba ng BHB ang mga pwersa ng 10th ID ng AFP sa iba't ibang bahagi ng rehiyon.

Todo-todo ang pagsisikap ng AFP na mapilay at malipol ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Pero sa halip na magapi, nakapag-dulot pa ng malalaking pinsala sa mga tauhan, rekursa at operasyon ng AFP ang mga Pulang mandirigma. Umaani ng malalaki at magiting na tagumpay sa larangang militar at pulitika ang BHB.

Mga taktikal na opensiba

Nang pumasok ang 2008, ini-lunsad ng 10th Infantry Division-

Eastern Mindanao Command ng AFP ang malalaki at masisinsing antas-rehiyon na operasyong militar laban sa mga rebolusyonaryong pwersa sa Southern Mindanao. Ito na ang pinakamatinding kampanyang militar ng AFP sa kasaysayan ng rehiyon.

Minobilisa sa operasyon ang halos kabuuhan ng 10 batalyong naka-paloob sa 1001st Brigade at 1003rd Brigade ng 10th ID. Umaabot sa 1,500 hanggang 2,000 mga pwersa ng 67th, 28th, 25th, 72nd, 73rd, 39th at 60th IB at 3rd Special

Forces Battalion ang ibinuhos sa operasyon. Kinulang pa ang mga ito at isinangkot din ang marami-raming kumpanya ng Scout Rangers at ang Division Reconnaissance Company. Naghakot pa ng maramihang reimporment mula sa 1002nd at 602nd Brigade ng 6th ID. Sinusuportahan din ng Regional Mobile Group ng PNP-IX at ng 1105th PNP Provincial Mobile Group ang mga operasyong pangkombat ng AFP.

Ang 1001st Brigade at ang mga yunit na pang-rapid deployment ng Philippine Army ay tumututok sa mga prayoridad na target ng OBL 2 sa mga munisipalidad ng New Bataan, Compostela

at Monkayo sa Compostela Valley, at mga munisipalidad ng Baganga, Boston at Cateel sa Davao Oriental. Ang 1002nd Brigade at ang Task Force Raftor (TFR) ay naglulunsad rin ng sabay-sabay na operasyon sa North Cotabato, Davao del Sur at Davao City. Nitong nagdaang buwan, ang 1003rd Brigade ang siyang pinapapel bilang TFR at dinagdagan ito ng isa pang batalyon.

Gumagamit ang kaaway ng mga kanyon at mga sasakyang pangkati at panghimpapawid para sa kombat, lohistika, suplay at transportasyon. Kabilang dito ang mga helikopter na UH-1 at MG520, eroplano OV-10, tangkeng Simba, armored personnel carrier at 105mm howitzer.

Sa pagtatasa ng Panrehiyong Komite ng Partido sa Southern Mindanao, aktibong nalabanan at nabigo ng mga rebolusyonaryong pwersa sa pangkalahatan ang mga kampanya ng kaaway sa pamamigtan ng pagpapalaganap at pagpasinsin ng mga taktikal na opensiba, pagpapalawak ng baseng masa at pagpapalakas ng kilusang masa. Pinalaki at kinonsolida ang Partido at hukbong bayan, at epektibong nagpatupad ng taktikal na pamumuno.

Dahil dito, sumusulong ang rehiyon sa khabila ng dahas at pangwawasan na dala ng militarisasyon. Walang kahit isang larangang gerilya ang nawasak. Lumalawak pa nga ang mga eryang nakkilusan at ang mga larangang gerilya. Dumarami rin ang kasapihan ng Partido, hukbong bayan at mga organisasyong masa. Naipupursigi

ang pagpapatupad ng minimum na programa ng rebolusyonaryo at iba pang susing gawain ng hukbong bayan.

Ang pinakamatitingkad na karanasan sa pagharap sa todo-todong atake ng kaaway sa buong rehiyon ay nakamit noong mga buwan ng Abril-Mayo 2008. Ito'y nang magpakita ang BHB sa rehiyon di lamang ng kakayahang nitong magpreserba ng sarili, kundi ng kakayahang ipagtagumpay ang mga kontra-atake sa kaaway sa anyo ng

kasalukuyang kapasidad ng rehiyon sa pakikidigmang gerilya.


Matatag ang mga batayan para mapalakas pa ang pakikidigmang gerilya sa SMR. Paborable ang pangkalahatang obhetibong kagayan sa rehiyon, bayan at daigdig para lalo pang lumakas at sumulong ang armadong rebolusyon. May naipundar nang sapat na lawak ng erya at lalim ng baseng masa at may mga yunit ng BHB na may kakayahang at karanasan para gawin ito. Dagdag pa'y maraming bulnebrabilidad sa deployment at kilos ng kaaway sa rehiyon na dapat sagpangin.

Batay dito, nanawagan ang namumunong komite sa lahat ng yunit gerilya ng BHB sa rehiyon na magsikhay sa digmang bayan at patuloy na palaganapin at pasinsin ang mga taktikal na opensiba batay sa papalawak at papal-

lim na baseng masa.

Idiniin din ng rehiyunal na komite ng Partido sa SMR na dapat mahigpit na mapanghawakan ng mga bertikal na yunit ng BHB (o mga yunit na panagupa) ang kani-lang oryentasyon, papel at gawain bilang pangunahing yunit sa pagpapalakas ng pakikidigmang gerilya sa rehiyon. Ito'y dahil may mga pagkakataon na hindi agad nakatugon ang mga bertikal na yunit sa panawagan ng Partido at naobligang saluhin ng mga horisontal na yunit (o mga yunit na pangunahing nakatutok sa gawaing masa) ang pagbira sa kaaway.

Alinsunod rin sa tamang oryentasyon at mga layunin ng taktikal na opensiba na dapat palaganapin sa lahat ng yunit ng BHB, dapat bigyan ng pangunahing diin ang paglulunsad ng mga taktikal na opensibang lilipol sa kaaway at



serye ng mga epektibo at sustenidong taktikal na opensiba. Sa loob ng dalawang buwan, nakapaglunsad ang BHB ng 76 na mga taktikal na opensiba na nakapagdulot ng laking kumpanyang kaswalti sa mga pwersa ng 10th ID (32 ang napatay at 42 ang nasugatan). Naagaw ng BHB ang laking regular na platung malalakas na armas (35) at nagtamo ng malalaking pampulitikang tagumpay.

Bigo ang pinalalakas na atake ng kaaway

Anang komite ng Partido sa Southern Mindanao, ang nagdaang bwelo ng mga taktikal na opensiba para harapin, labanan at biguin ang mga kampanyang paglipol na balak sanang ipatupad ng kaaway ay kapupulutan ng mga aral na maaring gawing batayan para higit pang mamaksimisa ang



magluluwal ng maraming armas (anihilasyon). Sa kabilang banda, dapat segundaryong ilunsad ang mga taktikal na opensiba na ang layunin ay ang pagpapahina sa kaaway (atrisyon).

Dapat magpursigi sa paglulunsad ng serye ng sustenido at kakayaning mga operasyon at taktikal na opensiba. Binigyang-diin sa pagtatasa ng SMR na walang ibang daan sa pagpapalakas ng BHB kundi ang pakikidigma. Dapat mahigpit na mapanghawakan at maipatupad ng nakabababang mga komite ng Partido sa territoryo (komite sa subrehyon at komite sa larangan) at platon (sangay sa platon) at mga kumand ng BHB sa territoryo (Regional Operations Command, Subregional Operations Command at Front Operations Command) ang gawain sa pagpalaganap at pagpapasinsin ng mga taktikal na opensiba.

Dapat ding buuin ang pinakamalawak at pinakamalakas na kilusang masa kasabay ng pagpapalakas ng antipyudal na kilusang masa. Dapat patuloy na maipursigi ang paglulunsad ng mga pangideolohiya at pampolitikang pag-aaral at mga pangmilitar na pagsasanay para maitaas ang antas ng kakayahang pulitiko-militar ng mga yunit ng BHB.

Dapat pahigpitin pa ang pagpapatupad ng Batayang Oryentasyong Militar (o ang tinatawag na regulasyong militar sa ibang rehiyon) at ang pagpapatupad ng mga alituntunin at taktika sa kilos-gerilya at pag-iingat sa seguridad. Sa lahat ng panahon at lugar, dapat matiyagang tiyakin na nagiging bulag, bingi at inutil ang kaaway sa kanilang pagsisikap na tukuyin, targetin at atakehin ang mga yunit ng BHB, komite ng Partido at mga namumunong kadre sa iba't ibang antas.

Paghahanda ng AFP para sa Balikatan, binibigo ng BHB sa Sorsogon

Magkasabay na binibigo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Bicol ang pananalasa ng Oplan Bantay Laya 2 (OBL2) at ang ginagawang paghahanda ng Armed Forces of the Philippines (AFP) para sa Balikatan exercises na nakatakdang ilunsad sa mga prubinsya ng Albay, Sorsogon at Masbate sa maagang bahagi ng 2009.

Bilang bahagi ng OBL2 at ng paghahanda para sa Balikatan, sunud-sunod ang pag-ooperasyon ng mga elemento ng na 8th Scout Ranger Company (SRC) sa magkakanugnog na mga bayan ng Bulusan, Barcelona, Gubat at Casiguran sa Sorsogon. Nagbubunga ito ng mas matinding militarisasyon at mga paglabag sa karapatang-tao sa lugar. Subalit patuloy ding binibigwasan ng mga Pulang mandirigma ang binansagang “elite unit” ng militar.

Siyam na elemento na ng 8th SRC ang napapatay at di bababa sa isa ang malubhang nasusugatan sa mga labanan sa Sorsogon sa pagitan ng naturang yunit at ng BHB nitong huling mga buwan.

Nitong Nobyembre 1, tatlong elemento ng 8th SRC ang napatatay at isa ang malubhang nasugatan nang mangahas silang pumasok sa Barangay San Pascual, Casiguran, Sorsogon. Kahit hindi sila na-

kauniporme, nabisto pa rin sila ng masa, na maagap na nakapagpabot ng impormasyon sa mga Pulang mandirigma. Agad na naka-paghanda at nakapaglatag ng depensa ang isang platon ng Celso Minguez Command (BHB-Sorsogon) na noo'y nasa Casiguran. Unang nakapagpaputok ang mga gerilya kaya naunahan sa inisyiba ang kaaway. Pinasabugan din ng bomba ang mga Scout Ranger, na nagdulot ng ibayong demoralisasyon sa kanilang hanay.

Bago ito, namatayan na ng anim na elemento ang naturang yunit-militar nang salakayin nila ang isang grupo ng mga medik ng BHB na nagbibigay ng serbisyo pangkalusugan sa masa sa kalapit na bayan ng Gubat.

Itinatago ng AFP ang mga pagkatalong ito sa pamamagitan ng di pagbabalita sa midya ng mga pangyayari at di paglalabas ng mga pangalan ng mga namatay na sundalo.

AB

Integral ding usapin ang pagpapalakas sa kilusang masa sa kalunsuran sa pagharap sa opensiba ng kaaway at pagpapalakas ng pakikidigmang gerilya.

Sa mahigpit na pagpapatupad

ng mga puntong ito, inaasahang aani ng mas maniningning pang mga tagumpay sa pakikidigmang gerilya ang Southern Mindanao at tuluyang magagapi ang OBL2 sa rehiyon.

AB



Dahas at panlilinlang ng AFP sa Camarines Sur

Apat na elemento ng 42nd IB ang napatay at marami ang nasugatan matapos nila makaengkwentro ang mga myembro ng Tomas Pilapil Command (Bagong Hukbong Bayan-Camarines Sur) sa Sityo Suguitan, Barangay Mapid, Lagonoy, Camarines Sur noong Setyembre 3. Ito'y matapos magpanggap na mga Pulang mandirigma ang militar at magpagiya sa mga lokal na magsasaka sa bulubunduking bahagi ng Lagonoy. Sa kabutihang palad ay walang nasaktan sa mga magsasakang ginamit at nilinlang ng militar nang maganap ang labanan. Wala ring natamong kaswalti ang BHB.

Dahil sa matinding galit at kahiyahan, mga inosenteng sibilyan ang pinagbalingan ng 42nd IB. Pagkatapos nilang matiyak na na-kaatras na ang BHB mula sa lugar na pinaglabanan, sinilaban nila ang bahay ng mag-asawang Mila at Sherwin Eviernes sa Sityo Suguitan. Kahabag-habag ngayon ang

kalagayan ng mag-asawa na wala nang masilungan laluna't isisilang na ni Gng. Eviernes ang kanyang unang sanggol.

Di pa nagkasya, basta na lamang dinampot ng mga elemento ng 42nd IB sina Nelfa Cledera, 43, at may limang anak; at Maricel Camacho, na natyempuhan nilang

nagpapahinga sa isang kubo ilang kilometro mula sa pinag-engkwen-truhan. Nagpanggap muli na mga gerilya ng BHB ang mga pasistang sundalo nang kunin nila ang dala-wa. Matapos ito, pinalabas naman ng militar na mga Pulang mandirigma ang dalawang biktima.

Ang totoo ay mga karaniwang sibilyan lamang sina Cledera at Camacho na taga-Barangay San Isidro, Lagonoy. Dinala sila sa hedkwarters ng 42nd IB "C" Coy sa Barangay Mananao, Tinambac kung saan ipinailalim sila sa matinding interogasyon. Ninakaw din ng militar kay Cledera ang halangang ₱2,000 na panggastos sana sa pag-aaral ng kanyang mga anak.

Napalaya lamang sila makaraan ang ilang araw sa tulong ng mga organisasyon nagtagatugoyod sa karapatang-tao. **AB**

Pangangamkam ng mga lupain, nilalabanan ng BHB sa Negros

Ang pagsalakay ng mga Pulang mandirigma ng Leonardo Panaligan Command (LPC) ng BHB-Negros sa himpilan ng Philippine National Police (PNP) sa bayan ng La Libertad, Negros Oriental noong Nobyembre 3 ay isa lamang sa pinakahuling mga aksyon pamarsa ng armadong rebolusyonaryong kilusan sa mga elementong nagsasagawa ng malawakang militarisasyon at pang-aagaw ng mga lupain sa Negros. Malinaw na pinabubulaanan din nito ang ipinangangalandakan ni Rep. Jocelyn Limkaichong na durog na ang rebolusyonaryong kilusan sa isla.

Nagkunwang mga sibilyang magpapa-blitter sa pulisia ang dalawang babaeng Pulang mandirigma noong alas-12:45 ng madaling araw ng Nobyembre 3. Kinausap nila ang isang pulis para bigyan ng kober ang pagpasok ng tatlo pa nilang kasamahan sa himpilan. Bigla na lamang nilang tinutukan at pinadapa ang nagulantang na mga

pulis. Mabilis na dinisarmahan ng mga Pulang mandirigma ang mga pulis ng apat na ripleng M16 at anim na .45 kalibreng pistola, mga unipormeng camouflage at iba pang kagamitan ng militar.

Agad ring pinakawalan ang mga pulis kahit pa karamihan sa kanila ay sangkot sa mga kaso ng pagpatay, panghoholdap, arson,

mga iligal na pang-aaresto at pwersahang pagpapalayas ng mamayan sa kanilang mga tirahan. Ginagamit din silang mga personal na badigard at bayarang goons ng pamilyang Limkaichong laban sa mga demokratikong organisasyon sa Negros. Isang pulis lamang ang nasugatan nang makipagbarilan ito sa BHB.

Samantala, sa Southeastern Negros, inilunsad ng Pulang Mt. Talinis Front ng BHB ang kampaanya laban sa malawakang pangangamkam ng lupa ng mga magsasaka. Salarin dito ang mga negosyanteng agribisnes kasabat ang mga burukratang kapitalista at panginoong maylupa. Ayon kay Ka Dom Pantaleon, tagapagsalita ng Pulang Mt. Talinis Front, nagmimistulang utusan ng mga negosyante at panginoong maylupa ang tropa ng 302nd Infantry Brigade ng Philippine



Army na nagbibigay-protekson sa mapanirang Biogreen Inc. na pag-aari ng mga Koreano at ka-partner nitong pamilya ni dating Rep. Herminio Teves (ama ni Finance Secretary Margarito Teves). Gamit ang Tamlang Valley Agricultural Development Corporation (TVADC) bilang prente, pwersahang pinagtatanim ang mga magsasaka ng *jatropha* at *cassava* imbes na mga tradisyunal na tanim tulad ng palay at mais sa hanggang nang mga barangay ng mga bayan ng Sta. Catalina, Siaton, Valencia at Pamplona. Ayon sa mga magsasaka ng Tamlang Valley, ang kinakailangan nila ay pagkain at hindi ang *biofuel* na ipinangangal-dakan ng rehimeng Arroyo na alternatibo sa langis.

Noong maagang bahagi ng 2008, dinukot at pinangangambahanhang pinatay na ng mga ahenteng militar ang mga magsasakang sina Flaviano Arante at Reynaldo Yanoc, kapwa residente ng Barangay Tala-lak, Sta. Catalina. Noon namang Setyembre 9, naglunsad ang mili-tar ng walong oras na pambombomb sa mga bulubunduking barangay ng Sta. Catalina. Gumamit silla ng mga *mortar*, 105 mm *howitzer*, isang eroplanong Tora-Tora at dalawang *helicopter gunship*.

Ngunit hindi natinag ang mamayan at rebolusyonaryong kilusan. Naglunsad ng dalawang operasyong pamarusa ang BHB laban sa mapangwasak na kumpanya. Noong Setyembre 9, kinumpiska at sinunog ng isang pangkat ng BHB ang tatlong traktora na pagmamay-ari ng TVADC sa Sityo Cuadra, Barangay Mantikal, Sta. Catalina. Muli, noong Oktubre 3, kinumpiska at sinunog ng BHB ang dalawang traktora ng TVADC sa Barangay Casalaan, Siaton.


Nagkaroon naman ng sampung labanan sa pagitan ng mga pasis-

Upisyal ng AFP nabihag, M60 nasamsam

Isang M60 masinggan, dalawang M16 at isang M14 ang nakumpiska ng mga Pulang mandirigma ng Front 3 Operations Command-Bagong Hukbong Bayan (BHB) nang tambangan nila ang mga elemento ng nagpapatruyang 3rd Special Forces Battalion (3rd SFB) nitong Nobyembre 7 ng umaga sa Sityo Anagase, Barangay Casoon, Monkayo, Compostela Valley.

Tatlo agad ang napatay at marami ang nasugatan sa kaaway. Ang inambus na yunit ay bahagi ng Reengineered Special Operations Team (RSOT). Sumuko at nabihag ng mga Pulang mandirigma si 1Lt. Vicente P. Cammayo, ku-mander ng 11th Special Forces Company-3rd SFB, matapos magapi ang kanyang pinamumunuan yunit.

Sunud-sunod ang bigwas ng BHB sa mga elemento ng 3rd SFB.



Bago ito, inambus na ng mga gerilya ng Front 3 Operations Command ang naturang yunit noong Oktubre 25 sa *national highway* sa Barangay Banlag, Monkayo. Inisnayp din ng mga Pulang mandirigma noong araw na iyon ang 3rd SFB sa Barangay Canidkid, Montevista.

Ang mga taktikal na opensibang ito ay nagsisilbing aksyon pamarusa laban sa 3rd SFB na responsable sa matitinding paglabag sa karapatang-tao, protokol ng digma at internasyunal na makataong batas, na pawang mga sibilyan ang binibiktima. Ang kalupitan ng 3rd SFB sa mga di armadong sibilyan ay mga ganting salakay ng pusakal na yunit sa sunud-sunod na kaswalty nito mula sa mga bira ng BHB. Tanda ng karuwagan ng tinatawag na "elite unit" ng

AFP ang sumusunod na mga paglabag sa karapatang tao:

Setyembre. Binugbog ng mga tauhan ng 3rd SFB ang isang nag-

tang militar at BHB mula Mayo hanggang Oktubre. Sa mga labanang ito, nagtamo ng maraming kaswalty ang kaaway ngunit itinago nila ito. Noong Setyembre 25, nasugatan si 2Lt. Romualdo Rubi ng 79th IB at isa pang elemento ng CAFGU sa harasment na isinaga-

wa ng BHB sa Sityo Bagacay, Barangay Milagrosa, Sta. Catalina. Dala-wang sundalo at kanilang giya na elemento ng Barangay Defense System ang napatay sa pananambang na isinagawa noong Oktubre 5 sa Sityo Abante, Barangay Buenavista, Sta. Catalina. **AB**



ngangalang Pascual, isang magsasa-ka na taga-Cebuli, Barangay Kapatagan, Laak matapos mapatay ang tatlong elemento ng 3rd SFB at masugatan ang dalawa nang makaengkwentro nito ang BHB.

Hulyo. Pinaslang ng pusakal na yunit ang lider-magsasakang si Diego Encarnacion, residente ng Barangay Linda, Nabunturan matapos salakayin ng BHB ang detatsment ng 72nd IB sa naturang barangay at madisarmahan ang mga tropa rito.

Hunyo. Pinatay ng mga tauhan ng 3rd SFB si Noli Llanos, lider-magsasaka at kagawad ng Barangay Mipangi, Nabunturan matapos parusahan ng BHB ang tatlong elemento ng 3rd SFB.

Labis ding dumaranas ng panunupil-militar ang mga residente ng mga bulubunduking baryo ng Monkayo sa kamay ng 3rd SFB.

Pagtatakip ng AFP. Samantala, pinabulaanan ng Merardo Arce Command ng BHB sa rehiyon na ang mga tropa ng 66th IB na inambus ng mga Pulang mandirigma sa Sityo Taytayan, Barangay Andap, Montevista noong Oktubre 24 ay papunta sa Manurigao, New Bataan para maglunsad ng "humanitarian mission." Walong sundalo ang napatay sa ambus, kabilang si 2Lt. Jeffrey Domingo, lider ng isang platon sa ilalim ng 66th IB. Kinabukanan, Oktubre 25, muling binigwasan ang 66th IB sa Sityo Manlubog sa parehong barangay.

Ang totoo, Oktubre 23 pa lamang ay pumasok na ang sampung trak ng mga sundalong ipinadala ng 1001st Brigade ng AFP para maglunsad ng todo-todong atake-militar sa New Bataan. Nabisto ang tunay na pakay ng mga tropa nang walang pakundangan nilang bombahin ang mga liblib na barangay sa New Bataan.

AB

Pambobomba, pamamaslang at iligal na pang-aaresto

Walang pakundangan pambobomba sa mga sibilyan, walang awang pagpaslang sa mga aktibista at mamamahayag at iligal na pang-aaresto sa mga lider at myembro ng hayag na demokratikong kilusan ang pinakamatitingkad na paglabag sa karapatang-tao na nakalap ng *Ang Bayan*:

Nobyembre 18. Isang 30-taong gulang na sibilyan ang namatay at apat ang nasugatan, kabilang ang isang bata, matapos maglunsad ng *air strike* ang Philippine Air Force sa isang mataong lugar sa Mamasapano, Maguindanao. Ang namatay ay si Sindak Ismael habang ang mga nasugatan ay sina Haja Bai Masla Zangkala, 45; Haja Apisa Ibrahim, 47; Rudy Kamsa, 23; at isang 12-taong gulang na bata.

Samantala, patuloy ang sapi litang paglikas ng mamamayan sa Mindanao, ayon sa Philippine National Red Cross. Umaabot sa 46,350 katao o 11,734 na pamilya ang nagsilikas sa siyam na prubinsya ng Mindanao dahil sa pinakabagong serye ng mga labanan sa pagitan ng AFP at MILF. Kabilang dito ang paglikas ng isang komunidad sa Bukidnon kung saan 30 kabahayan ang sinunog at sinira ng mga nag-ooperasyong militar. Mayroon ding 1,230 pamilya sa Sultan Kudarat na nawalan ng tirahan bunsod ng matinding operasyon ng militar laban sa

MILF.

Nobyembre 17. Pinaslang si Aristeo Padrigao, komentarista ng dxRS Radyo Natin at manunulat ng *Mindanao Monitor Today* sa Gingoog City, Misamis Oriental alas-7:15 ng umaga. Kahahatiid lamang ni Padrigao ng kanyang anak sa eskwelahan nang siya ay pagbabarilin. Si Padrigao ang ika-61 mamamahayag na pinaslang mula noong 2001.

Nobyembre 9. Binarilyang hanggang sa mapatay si Rolando Antolihao, 39, *municipal coordinator* ng Bayan Mununa sa Kapalong, Davao Del Norte. Ayon sa mga saksi, dakong alas-6 ng gabi nang barilin si Antolihao ng dalawang laking kumatok sa kanyang tahanan. Pitong tama ng bala ang tina mo ni Antolihao.



Nobyembre 6-13. Inaresto si Emmanuel Dioneda, 42, *executive director* ng Labor Education Advocacy Development Response Services (LEADS). Siya ang ika-anim na aktibista ng Southern Tagalog na dinakip ng mga ahente ng estado mula Oktubre ng taong ito.

Si Dioneda, kasama ang kanyang kasintahang si Sailani Catindigay ay hinuli ng mga elemento ng Calamba City Police at *regional intelligence* sa harapan ng Calamba City Hall sa Laguna. Kinuha ang pitaka at *cellphone* ni Dioneda at idiniin siya sa kaso ng *multiple murder* kasama ang 72 pang mga aktibista. Ang kasong ito ay kaugnay sa naganap na ambus sa Calapan City, Mindoro Ori-



ental noong Marso 2006 kung saan tatlong pulis ang napatay.

Bago ito, nireyd ng mga elemento ng 418th PNP Mobile Force ang bahay ni Romeo Aguilar, pang-kalahatang kalihim ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap (KADAMAY)-Rizal, sa Barangay San Isidro, Antipolo City. Kabilang si Aguilar sa mga akusado sa kaso sa Mindoro Oriental.

Noong Nobyembre 6 ay inares-to si Arnaldo Seminiano, myembro ng Kilusang Mayo Uno, isa pang

akusado sa naturang kaso.

Nobyembre. Malawakan ang sapilitang rekrutment ng militar sa mga Lumad na Mandaya para manging mga elemento ng Citizens' Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) sa New Bataan, Compostela Valley. Ginagamit ng AFP ang mga myembro ng mga tribo roon para tugisin ang BHB.

Oktubre 10. Limang magsasa-ka mula sa Barangay Sicalao, Lasam, Cagayan ang dinukot ng mga elemento ng 17th IB sa pamumuno

ni Lt. Johnny Calub. Ang lima ay sina Romy Caguia, Jovito Domingo, Marcos Academia, Randy Miguel at Johnny Alburot. Pinakawalan sina Academia, Miguel at Alburot matapos ang dalawang araw. Subalit pinatay si Caguia at patuloy pa ring hinahawakan ng 17th IB si Domingo. Isang elemento ng CAFGU, si Pablito Costano, na nakasaksi sa pagpaslang kay Caguia, ay nawawa rin at pinaniniwalaang dinukot din ng 17th IB para patahimikan.

AB

Mga manggagawa ng Triumph International Phil.

No-strike policy ng DOLE, binatikos

Maring tinutulan ng mga kasapi ng Bagong Pagkakaisa ng mga Manggagawa sa Triumph International Philippines, Incorporated (BPMTI) ang kautusan ng Department of Labor and Employment (DOLE) na nagbabawal sa kanilang maglunsad ng welta laban sa maneydsment ng Triumph International Philippines. Ayon sa DOLE, nasa hurisdiksyon na umano ng National Conciliation and Mediation Board ang kanilang reklamo matapos mag-deadlock ang negosasyon para sa *collective bargaining agreement* (CBA). Sinugod nitong Nobyembre 17 ng 300 unyonista ang pambansang tanggapan ng DOLE at binatikos ang sabwatan ng maneydsment ng kumpanya at ng gubyernong Arroyo para pairalin ang "no-strike policy".

Bago ito, sinugod noong Oktubre 15 ng mahigit 1,000 manggagawa sa ilalim ng BPMTI ang bodega ng kumpanya sa Buendia, Makati City. Matapos ang marsa, ihinagis ng mga manggagawa ang daan-daang mga bra at party sa harap ng gusali ng bodega. Ito ay para singilin ang maneydsment matapos na hindi magkasondo sa CBA noong Oktubre 10.

Matapos ang tatlong buwan ng negosasyon sa CBA para sa dagdag-sahod at benepisyong, wala pa ring malinaw na tugon ang maneydsment ng kumpanya.

Ang hakbanging ito ng mga manggagawa ng Triumph ang pinakahuli lamang sa serye ng mga kilos-protestang inilunsad nitong nagdaang mga araw. Upang igiit ang kanilang interes sa negosasyon, naglunsad sila ng mga piket sa labas ng pabrika, *noise bar-*

rage sa loob ng pagawaan tuwing *break time*, pag-sasabit ng istrimer at iba pang anyo ng sama-samang pagkilos. Nailunsad na rin nila ang regular na mga *roving picket* bago at matapos ang mga pag-uusap sa CBA; mga arawang rali bago pumasok ang mga manggagawa sa pabrika; at mga *silent protest* upang iparating sa maneydsment ng pagawaan ang kanilang mga lehitimong kahilingan.

Kabilang sa mga ipinaglalaban ng unyon ang pagbibigay ng kumpanya ng dagdag na ₱125 sa kanilang *basic pay* (₱45/₱40/₱40 na hatian) sa susunod na tatlong taon at ang pagpapatupad ng *across-the-board government wage increase*. Ipinaglalaban din nila ang pagbasura sa "30-year compulsory retirement," pagkakaloob ng tulong pinansyal sa mga magbibitiw na mga empleyado, pagkakaroon ng *union leave, hospitalization, libreng shuttle service, plant transfer* at iba pa.

Ang Triumph International Philippines ay pag-aari ng mga Speishoffer at Brawn, mga kapitalistang Briton. Sa kasalukuyan, ito ang nangunguna at pinakamalaking tagapagmanupaktura ng mga *undergarments* sa buong bansa. May mga planta ito sa Cavite at Cebu. Umaabot sa mahigit 1,200 ang bilang ng mga manggagawa sa Triumph na kalakhan ay kababaihan. Umaabot sa 900 ang kasapi ng BPMTI. Matatagpuan ang mayorya ng mga manggagawa sa kanilang pabrika sa Food Terminal Incorporated (FTI) Complex sa Taguig City.

AB

Pamunuan ng Senado, naagaw ng kampong Arroyo

Pinakilos ng naghaharing pangkating Arroyo ang mga galamay at bayaran nito sa Senado at sinamantala ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga oposisyunista para mawasak ang pagkakaisa nila, maagaw ang pamunuan nito at sikaping gamitin ito sa mga layunin ni Arroyo.

Naobligang magbitiw agad sa pwesto si Sen. Manuel Villar bilang pangulo ng Senado nitong Nobyembre 17 nang malaman niyang may resolusyon na ang mayorya para mapalitan siya. Sa halalan para sa bagong Senate President, 14 na senador ang bumoto kay Enrile, samantalang bukod pa kay Villar ay nag-abstain (di lumahok sa pagboto) ang anim na oposisyunistang kapanalig niya.

Hindi lingid sa publiko na si Enrile, ang dating tagapaggatupad ng batas militar ng diktadurang Marcos, ay isa sa mga pinakamasusigid na alyado at tagapagtanggol ni Arroyo. Hangad ng Malacañang na gamitin si Enrile bilang epektibong instrumento para mapahina ang oposisyon sa Senado at mapagsilbi ito sa interes ni Arroyo. Layunin ng kampong Arroyo na kapanun ang Senado. Hangga't maaari nga'y nais ng Malacañang na tuluyan na itong malusaw upang hindi na ito magamit ng oposisyon at di na mag-silbing hadlang sa pagpalawig pa ni Arroyo sa poder.

Agad na naghugas-kamay ang Malacañang sa naganap na kudeta sa Senado. Bukod sa mga alyado ni Arroyo, ilan pang mga nasa oposisyon, kabilang na si Jinggoy Estrada, anak ni dating pangulong Joseph Estrada, ang bumoto kay Enrile. Pinalalabas ng kampo ni Arroyo na ang dating pangulo pa ang

siyang tunay na nasa likod ng pagpalit ng liderato sa Senado.

Naging pangunahing target ng mga atake si Villar mula nang mapabilang siya sa mga nangungunang pangalan sa mga sarbey ng mga kakandidato sa pagkapangulo sa 2010. Inuudyukan ng kampong Arroyo ang paghahati-hati ng oposisyon para mapahina ito at di na makapangibaw sakaling matuloy ang eleksyon sa 2010. Noong Hulyo, nag-ingay si Sen. Panfilo Lacson tungkol sa umano'y mga anomalya sa pagpapahaba ng C5 Road na aniya'y pinakinabangan ni Villar. Noon pa ma'y isinasangkalan na ito ng Malacañang sa pagmamaniobra para mapalitan si Villar.

Sa anu't anuman, malinaw na ang nangyaring pagbabago sa liderato ng Senado ay pabor ngayon kay Gloria Arroyo.

Sa pagkakakuha ni Enrile sa liderato ng Senado, nasa kamay na ngayon ng mga bumoto sa kanya ang pinakamahahalagang



komite roon. Kapalit ng nangungunang papel niya sa pagpapatalsik kay Villar, ibinigay kay Lacson ang pamumuno sa pinakamakapangyarihang mga komite sa Senado, ang Ways and Means Committee, na

nag-iimbestiga ng lahat ng usapin may kaugnayan sa pinansya ng gubyerno; ang Accounts Committee, na siyang nag-aawdit ng mga gastos ng Senado; at ang Ethics Committee, na nag-iimbestiga sa lahat ng mga usapin sa katiwalian ng mga myembro ng Senado. Gagamitin ni Lacson ang Ethics Committee para lalong dikdikin si Villar.

Malamang din na mapunta kay Richard Gordon ang "Blue Ribbon Committee" (Committee on Accountability of Public Officers and Investigations) na siyang nag-iimbestiga sa mga katiwalian tulad ng ZTE/National Broadband Scam, ang "Euro generals" at Fertilizer Fund Scam. Sa pagbalasa sa liderato ng mga komite, asahang mapupunta sa wala ang mga imbestigasyong ito.

Sa pagkakaluklok kay Enrile, inaasahan ni Arroyo na magiging mas maluwag ang kanyang manobrahan sa loob ng Senado. Inaasam ni Arroyo na mas makikipagtulungan ito sa Mababang Kapuluangan na nauna na nitong nakontrol nang patalsikin si Jose de Venecia bilang Speaker at humalili ang tuta ni Arroyo na si Prospero Nograles.

Ang Korte Suprema ang kasunod na pinupuntiryang hawakan ni Arroyo para makumpleto na niya ang kontrol sa buong makinarya ng reaksyunaryong estado. Sa katapusan ng 2009, nakatakdang magretiro ang pitong mahistrado nito, kabilang si Chief Justice Reynato Puno. Sa paghirang ni Arroyo ng mga kahalili, magiging mapagsaya na ang kontrol dito ni Arroyo at anumang desisyon nito ay tiyak na papabor na sa kanya.

Mas madali na kung gayon para sa Malacañang na paspasan ang nakabiting mga iskema nito para sa pagpapalawig ng paghahari ni Arroyo lagpas sa 2010. AB

Kapitalismo sa China

Hindi naniniwala ang mamamayan ng China na sosyalista pa rin ang kanilang bansa. Ito ang iginiit ni Prof. Pao-yu Ching, isang propesor sa ekonomya ng isang unibersidad sa US at espesyalista sa ekonomya at kongkretong kundisyon ng mamamayang Chinese. Ang pananaw na ito ay inilahad ni Professor Pao-yu sa isang porum na pinangasiwaan ng National Democratic Front of the Philippines-International Office noong Oktubre 18.

Ayon sa propesor, ang mga reforma sa ekonomya, na nagsimula noong 1978 at tinawag na "sosyalismong may katangiang Chinese" ay walang idinulot kundi kahirapan sa mamamayan, paglutasay sa likas na yaman ng bansa, pagkawasaki ng kapaligiran at transpormasyon ng bansa tungo sa isang neokolonya ng mga dayuhan. Mula sa pagiging sosyalistang bansa na sumusuporta sa mga inaaping mamamayan sa buong daigdig, pumapanig na ngayon ang China sa mga mang-aapi sa Asia, Latin America at Africa para makapagkal ng dagdag na rekuerso at makapagpalawak ng saklaw ng impluwensya sa ekonomya at pulitika ng ibang bansa.

Sa kabilang banda, ayon sa propesor, itinuturo ng mga pangyayari sa mamamayang Chinese ang tunay na katangiang ng kapitalismo. Tat-lumpung taon matapos ang mga "reforma," papatindi ang paghihirap ng mayorya ng mga magsasaka at manggagawa. Batid na rin nila na walang maibibigay na mabuting kinabukasan ang kasalukuyang sis-

tema sa kanilang mga anak. Sa gayon, nauunawaan na nila ang dala-wang-linyang makauring tunggalian sa loob ng Partido Komunista na noon pa ma'y ipinaliliwanag ni Kasamang Mao.

Dahil sa kapitalista nang katangian ng ekonomya sa China, di maiwasang tamaan na rin ito nang matindi ng pandaigdigang krisis ng kapitalismo. Nitong unang hati ng taon, umabot na sa 67,000 maliliit at katamtamang-laking pabrika ang nagsara bunga ng pagtumal ng mga order para sa mga murang produkto na nakakontrata sa mga kumppanya sa US at iba pang sentro ng kapitalismo. Bumagsak na ang tantos ng paglaki ng sektor ng mga eksport mula 26% noong Setyembre 2007 tungong 9% nitong Oktubre 2008. Pinawi nito ang mga ilusyon na ligtas ang China sa hambulos ng krisis na nagsimula at bumabayongayon sa ekonomya ng US at buong pandaigdigang sistemang kapitalista.

Daan-daang libong manggagawa ang basta-basta na lamang binawasan ang mga sahood, hindi bi-



nayaran ang mga sahood kundiman tahasan nang sinisante. Hindi kataka-taka na dumarami na ang mga protesta at welga ng mga manggagawa.

Sa tangkang kontrolin ang ligalig na dala ng malawakang tanggalan, inianunsyo noong Nobyembre 8 ng pamunuan ng China na sa susunod na dalawang taon ay magbubuhos ito ng \$586 bilyon sa paggawa ng dagdag na mga imparastrukutura para sa transportasyon. Layunin umano nitong lumikha ng mga bagong trabaho, pampalit sa libu-libo pang mga trabahong mawawala dala ng pandaigdigang krisis. Ngunit katulad ng nangyayari rin sa ibang kapitalistang bansa, mabibigo ang mga ito na pigilan pang malubog din ang China sa kasalukuyang lumalalim na pandaigdigang resesyon. AB

52,000 empleyado ng Citigroup, sisipain

AABOT sa 52,000 empleyado ang sisipain ng Citigroup (pinakamalaking bangko sa US) mula ngayon hanggang simula ng 2009. Bukod pa ito sa 23,000 manggagawang tinanggal na nito noong simula ng 2008. Inaasahang 20% ng kabuuang 4,000 empleyado nito sa Pilipinas ang masasama sa tanggalan.

Ang malawakang tanggalan sa Citigroup ay mag-

dudulot ng lalo pang paglala ng disempreyo sa US at sa buong mundo. Kaliwa't kanan ang malalaking kumpanyang nag-aanunsyo ng tanggalan. Umaabot na sa 1.2 milyong manggagawa sa US ang tinanggal sa trabaho simula 2008. Umakyat na sa 6.5% ang tantos ng disempreyo—pinakamataas mula Marso 1994.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-MaoismoTaon XXXIX Blg. 22
Nobyembre 21, 2008
www.philippinerevolution.net

Editoryal


Sikretong mga operasyon ng US sa iba't ibang bansa

Walang pakundangang niyuyurakan ng imperyalismong US ang soberanya ng iba't ibang bansa sa pagsusulong nito ng pandaigdigang teroristang gera. Hindi na ito maitanggi ng US matalos mabunyag nitong Nobyembre ang isang dokumento na tahasang nag-uutos sa mga tropa ng US Special Forces na maglunsad ng mga sikretong atake sa pinalalabas nilang lambat ng teroristang al-Qaeda saan mang bahagi ng mundo.

Noong 2004, inilabas ng noo'y Defense Secretary Donald Rumsfeld ng US ang "Al Qaeda Network Exord" (*execute order*) na nag-uutos ng paglunsad ng mga sikretong pag-atake sa umano'y mga kuta ng al-Qaeda, kahit pa walang pahintulot ang mga ito gubyerno ng naturang mga bansa. Sa kapisahan ng isang maliit na grupo ng matataas na upisyal, kagyatang naipapakat ang mga sundalong Amerikano sa ibang bansa upang maglunsad ng pambobomba at iba pang operasyon laban sa kanilang mga target.

Ang *memorandum* ay bahagi ng isang bungkos ng mga kautusan ng rehimeng Bush para patindihin at palaganapin ang teroristang gera nito sa iba't ibang bahagi ng mundo. Naunang naglabas na si Bush ng kautusan para sa tinatawag nilang "*rendition*"—ang lihim na pagdokot, pagdedetine, paglilipat-lipat, pag-iimbestiga at pagtortyur ng mga suspectsadong "terorista" sa mga sikretong bilangguan sa iba't ibang bansa. Noon pang 2002 ay sikretong iniutos din ni Bush ang pagmamanman sa mga usapan sa telepono, *email* at iba pang elektronikong komunikasyon ng mamamayan at mga dayo sa US nang walang mandamyento o anumang pagpapaalam sa korte. Ang mga kautusang ito ay labag sa internasyunal na batas at maging sa mga batas ng US.

Pinag-iibayo pa ng US ang iba't ibang paraan ng pang-eespiya sa iba't ibang bansa. Lihim na ginagamit ang mga pang-espiyang *drone* at iba pang abanteng teknolohiya para



Mga tampok sa isyung ito...

Mga *drone* ng US,
lihim na pinapalipad
sa Pilipinas PAHINA 3

Upisyal ng AFP
nabihag, M60
nasamsam

PAHINA 8

Pamunuan ng Senado,
naagaw ng kampong
Arroyo

PAHINA 11

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com